

Mga Talakayan ng Aksyong Komunidad 2022 Tungkol sa Tulungan ng mga Anak, Kabataan at kanilang Pamilya sa Alameda (ACCYF)



Solusyong Komunidad sa mas mabuting kinabukasan!

Kahilingan ng mga Panukala

Ano ang Tulungan ng Mga Anak, Kabataan at kanilang Pamilya sa Alameda?

Ang Tulungan ng Mga Anak, Kabataan at kanilang Pamilya sa Alameda (ACCYF) ay isang samahan ng Lungsod ng Alameda, Alameda County, Alameda Unified School District (AUSD), mga ahensyang nonprofit sa Alameda, at mga interesadong miyembro ng komunidad, at nagsisilbing namamahagi ng kaalaman at inkubador ng makabagong mga ideya at tagapagtaguyod ng mga anak, kabataan at ng mga pamilya sa Alameda.

Ang ACCYF ay itinatag noong 1996 ng yumaong Alameda County Supervisor na si Wilma Chan sa mga pulungan ng lungsod, school district, mga nonprofit, at miyembro ng komunidad kung paano tugunan ang kailangan ng mga kabataan sa Alameda at ihatid sa kanila ang serbisyong nararapat. Sa 26 na taong nakalipas, patuloy na nagpupulong bawat buwan ang ACCYF upang iplano o ipatupad ang mga aktibidad na ibigay sa mga anak, kabataan at kanilang mga pamilya.

Ano ang nais malaman ng ACCYF?

Humihiling muli ang ACCYF ng mga bagong panukala (RFP) upang mabigyan ng pondo ang mga organisasyong pangkomunidad at mga indibidwal para sa mga Aksyong Komunidad na Talakayan sa Taglagas ng 2022. Layunin nitong mga sesyon na tulungan ang ACCYF na alamin ang lakas at kahinaan ng serbisyong pang-kabataan at tipunin ang mga aksyon at ideya na tutugon sa pangkalahatan at responsable sa mga kailangan ng mga kabataan at kahirapan.

Gagamitin ng ACCYF ang mga natipon na impormasyon sa talakayan na pinamunuan ng komunidad at ating gagawin sa 2023 at hinaharap. Pipili ang ACCYF ng di bababa sa 30 na aplikante at ibibigay sa mga nahirang ng listahan ng detalyadong katanungan at mungkahing proseso sa pagtala ng mga tugon ng komunidad, at template ng aksyon sa isang **MANDATORYONG ORIENTASYON sa Huwebes, Setiyembre 29, 2022.**

Ano ang hitsura ng Aksyong Komunidad na Talakayan?

Bawat grantee ay kailangan na magkaroon ng Aksyong Komunidad na Talakayan ng di bababa sa 10 tao sa kanilang komunidad. Ang mga grantee ay maaring magplano at gumawa ng usapan sa anumang napiling paraan at maari din magpulong ng higit sa isang Aksyong Komunidad na Talakayan. Magtalakayan saan man maaring makapagtipon, kabilang ang mga bahay, sa parke, kapihan o di kaya mag-video miting (tulad ng Zoom). Kung kailangan ng tulong ang grantee sa libre o mura na lugar na tipunan, kontakin ang Project Manager ng Aksyong Komunidad na Talakayan na si Casey Farmer sa CaseyFarmerConsulting@gmail.com o sa 510-863-4059.



Ang Aksyong Komunidad na Talakayan ay maaring tulad nito:

- ❖ Isang pagtitipon na usapan na di bababa ng 10 indibidwal
- ❖ Isa-isahang interbyu na di bababa ng 10 indibidwal
- ❖ Usapan ng maliliit na grupo na ang karagdagan ay di bababa ng 10 indibidwal

Ang Aksyong Komunidad na Talakayan ay maaring sakupin ang malalawak na paksa tungkol sa serbisyo at pagbigay tulong sa Alameda upang umunlad ang mga anak, kabataan, mga pamilya at mga tagapagtustos.

Kasama sa mga paksa (at hindi limitado sa ganito):

- ❖ Kalusugang pangkaisipan
- ❖ Kaligtasan ng Kabataan
- ❖ Pabahay at Kawalan ng Tirahan
- ❖ Pagpa-unlad ng Trabaho at mga Serbisyo
- ❖ Pag-access sa Wika para sa mga Pamilyang Hindi Nagsasalita ng Ingles

Kabayaran

Bawat grantee ay tatanggap ng hanggang sa \$500 upang makipag-usap sa di bababa ng 10 indibidwal. Di bababa ng \$150 sa bayad na \$500 ang dapat ilaan para sa insentibo (tulad ng pagkain, gift card) sa mga makikinig at dadalo ng mga sesyon.

Madalas na Katanungan:

1. Sino ang Maaring Mag-aplay na Humawak ng Aksyong Komunidad na Talakayan?

Mga indibidwal o samahang nonprofit, at mga meron misyon na negosyo na nakatira or nag-nenegosyo sa Lungsod ng Alameda ay maaring magsumite ng panukala na humawak ng aksyong komunidad na talakayan. Malakas na hinihikayat namin ang mga samahan o negosyo o indibidwal na nakatira o nagsisilbi sa mga mababang-kita na komunidad sa Alameda na mag-aplay.

2. Ano ang Pinakamababang Edad ng Aplikante para sa Sahod ng Aksyong Komunidad na Talakayan?

Mga estudyanteng may edad 16 o higit pa at nag-aaral sa high school sa Alameda ay maaring magsumite ng panukala na humawak ng aksyong komunidad na talakayan. Mga bata pa sa edad na 18 ay nangangailangan ng mas matanda na mangangasiwa ng Talakayan o di kaya gawin ang Usapan sa loob ng paaralan na kung saan naroon ang staff. Malakas naming hinihikayat ang mga kabataan na nakatira sa mga kapitbahayan ng mababang kita sa Alameda na mag-aplay.

3. Paano Papasiyahan ng ACCYF ang Paghirang ng mga Panukala?

Isang pangkat na galing sa miyembro ng ACCYF at mula sa kabuuan ng komunidad ang susuri sa mga panukala at irerekomenda sa ACCYF Co-Chair ang hihirangin. Ang mga pamantayan sa pagpili ay ang sumusunod. Ang aplikante:

- Ay nakatira sa o nagsisilbing residente ng Alameda, lalo na sa mabababang kita na komunidad
- Ay kayang ipakita na meron koneksyon o tiwala sa kanya ang mga residente ng Komunidad
- Ay nakatutok siya sa paghingi ng input sa di bababa ng 10 residente, magtala ng mga pangunahing tema ng talakayan, at mag-ulat ng napag-alaman sa ACCYF
- Ay dapat kumpletuhin ang aplikasyon, kasama ang badyet
- Ay dapat meron bank account na kung saan maaring ideposito ang pondo (kung ito ay balakid, paki-kontak si Casey Farmer, sa CaseyFarmerConsulting@gmail.com)

4. Ano ang Timeline para sa Proyekto?

Huwebes, Setiyembre 8 – Deadline para isumite ang nakumpletong panukala

Lunes, Setiyembre 19 – Anunsyo ng mga hinirang

Huwebes, Setiyembre 29 – **Mandatoryong** Orientasyon ng mga Hinirang

Isang kinatawan mula sa iyong grupo ay **DAPAT** dumalo sa treyning upang matanggap ang grant.

Ang orientasyon ay gagawin sa gabi. *Oras: TBD.*

Biyernes, Nobiyembre 11 – Lahat ng pamiting sa komunidad ay tapos na sa petsang ito

Biyernes, Nobiyembre 18– Pagsumite ng Huling Ulat sa ACCYF

Huwebes, Disyembre 15 (pansamantala) – Pagtatanghal ng Huling Ulat sa miyembro ng ACCYF at mga interesadong indibidwal ng komunidad

5. Sino ang Kokontakin ko sa aking Katanungan?

Kung may mga tanong tungkol sa pag-sumite ng panukala, paki-kontak si:

- Casey Farmer, ACCYF Community Action Discussions Project Manager
(matatagpuan siya mula sa August 15, 2022)
 - Email: CaseyFarmerConsulting@gmail.com
 - Telepono: 510-863-4059
- Sarah Oddie, Senior Policy Advisor, Office of Alameda County Supervisor Dave Brown
 - Email: Sarah.Oddie@acgov.org
 - Telepono: 510-693-8304

Handa ka nang magsumite ng Panukala??

Maaring isumite ang iyong panukala kung punuin mo ang form sa <https://tinyurl.com/ACCYF2022>, o i-scan ang QR code sa ibaba, o di kaya sagutin ang mga katanungan sa susunod na pahina at i-print, saka ipadala ito sa:

c/o ACCYF

Alameda County Board of Supervisors, District 3

1221 Oak St., Suite 536

Oakland, CA 94612



Ang deadline sa pagsumite ng panukala ay sa 5 pm ng Huwebes, Setiyembre 8, 2022. Hinihikayat namin kayo na magsumite ng panukala sa onlayn. Kung balak ninyong magsumite ng nakasulat na panukala, hinihikayat namin kayo na i-type at i-print ito.

Aming tantiya na aabutin kayo ng 90 minutos sa pagkumpleto ng panukala, at malamang mas mabilis pa. Kung nais ninyong humingi ng tulong sa pagkumpleto ng panukala, paki-tawag si Sarah Oddie sa 510-693-8304 ng maaga pa sa isang linggo bago deadline.

Panukala: Talakayan ng Aksyong Komunidad

TUNGKOL SA APLIKANTE

1. Kontak na tao para sa panukala: _____

a. Numero ng Telepono: _____

b. E-mail: _____

2. Ang aplikante ba ay samahang nonprofit o negosyo o miyembro o samahan sa komunidad? (*Tsekin ang isa*)

<input type="checkbox"/> Samahang Non-profit*	<input type="checkbox"/> Negosyo*	<input type="checkbox"/> Miyembro o Samahan sa Komunidad	<input type="checkbox"/> Estudyante sa High School **
-----------------------------------------------	-----------------------------------	----------------------------------------------------------	-------------------------------------------------------

*KUNG TSINEK MO ang Samahang NonProfit o Negosyo, pakibigay ang pangalan ng samahan o negosyo, ang address ng kalye, at address ng website, sa ibaba:

- Pangalan: _____
- Address ng Kalye: _____
- Website: _____

**KUNG TSINEK MO ang *High School Student*, pakisulat saang high school ka pumapasok at sino ang nakatatandang superbisor para sa talakayan (o di kaya ipahiwatig mo na gagawin ang sesyon sa eskwelahan kung naroon ang staff):

3. Anong wika ang gagamitin sa (mga) pamiting? _____

4. Saang kapitbahayan mo gaganapin ang (mga) pamiting? _____

5. Kaya mo bang kumpletuhin ang trabaho sa Nobiyembre 11, 2022, at isumite ang huling ulat sa ACCYF sa Nobiyembre 18, 2022? Oo Hindi

MGA KATANUNGAN (Limit – 5 pahina – hindi liliit sa 11-punto na font at 1-pulgada na margin)

Layunin ng Proyekto: Nais ng ACCYF na magtipon ng mga ideya para sa pangunahing proyekto na tutukan ang kahirapan at maging mas inklusibo at tumutugon sa pangangailangan ng komunidad.

Interes at Karanasan

- Ano ang sumiklab sa iyong interes sa ganitong oportunidad?
- Paki-larawan ng maikli ang iyong karanasan sa pag-organisa ng pagpupulong sa komunidad at sa talakayan ng mga isyu (hindi kailangan ng meron karanasan).

Ang sisilbihang populasyon

- Pakilarawan ang mga dadalo at makikinig sa iyong sesyon. Halimbawa, ito ba ay isang kapitbahayan? Isang komunidad ng mga relihiyoso? Isang lahi o etnikong komunidad? Isang grupo ng kabataan? Isang grupo ng tagapagtustos?

Kapasidad na gawin ito

- Ilarawan ang iyong proseso na isagawa ang sesyon na pakikinig, mula sa pag-anyaya ng miyembro ng komunidad na magpapartisipa, hanggang sa iulat ang napag-alaman sa ACCYF.
 - Paano ka mag-aanyaya ng mga partisipante?
 - Ang (mga) pamiting ba ay onlayn o harapan (kung harapan, lahat ng protocol sa COVID ay dapat sundin)?
 - Anong insentibo ang ibibigay mo sa mga partisipante?
 - Ano ang plano mo para sa mga talakayan (isa-isahang miting, maliliit na grupo, atbp.)?
 - Ilang sesyon na pakikinig ang iyong gaganapin?
- Ipaalam sa amin ang kwalipikasyon ng binabalak na facilitator para sa sesyon ng pakikinig. Halimbawa ang taong ito ay miyembro ng komunidad na kung kanino ka meron matutunan?

Badyet

- Isumite ang simpleng badyet para sa inilarawan mong proseso sa itaas, at gamitin mo ang huwaran na makikita sa susunod na pahina. Tingnan sa ibaba ang halimbawa. Hindi kailangan gamitin lahat ng kategorya – yun lamang naaangkop sa iyong panukala.

Sampol na Worksheet ng BadyetPangalan: Casey Farmer**Tagubilin:** Pakilista ang bawat gastos upang makumpleto ang proyekto.

Mga Taong gagawa:	Total mula sa ACCYF
(Mga) Taga-organisa	\$120
(Mga) Facilitator	\$130
Total na Tauhan	\$250
Mga Gamit/Ibang Bagay na Kailangan sa Gawain:	
Mga Gamit (tulad ng papel pang-tsart, panulat)	\$30
Pang-imprenta (tulad ng flyers, handouts)	\$15

Sasakyan	\$15
Alaga sa bata	\$40
Insentibo sa partisipante (tulad ng pagkain, o pera)	\$150
Iba pang gastos (listahan)	\$0
Total ng Pagpatakbo	\$250
<i>Kung ikaw ay isang 501c3 nonprofit na organisasyon:</i> Overhead na Gastos na Hindi Nakalista sa Itaas	
Bayad sa Fiscal ahente	\$0
Iba pa (paki-paliwanag)	\$0
Total ng Overhead	\$0
Total ng Gastos	\$500

Worksheet ng Badyet

Pangalan: _____

—

Tagubilin: Pakilista ang bawat gastos upang makumpleto ang proyekto.

Mga Taong Gagawa:	Total mula sa ACCYF
(Mga) Taga-organisa	\$0
(Mga) Facilitator	0
Total na Tauhan	\$0
Mga Gamit/Ibang Bagay na Kailangan sa Gawain:	
Mga Gamit (tulad ng papel pang-tsart, panulat)	0
Pang-imprenta (tulad ng flyers, handouts)	0
Sasakyan	0
Alaga sa bata	0
Insentibo sa partisipante	0
Iba pang gastos (listahan)	0
Total Operating	\$0
<i>Kung ikaw ay isang 501c3 nonprofit na organisasyon:</i>	
Overhead na Gastos na Hindi Nakalista sa Itaas	
Bayad sa Fiscal ahente	0

Iba pa (paki-paliwanag)	0
Total na Overhead	\$0
Total na Gastos	\$0

Salamat sa iyong interes. Inaasahan naming matanggap ang iyong aplikasyon!